★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 51 ★

GINAGAWA NG PROP. 51 NA PANGUNAHING PRIYORIDAD ANG PAGPROTEKTA SA MGA ESTUDYANTE.

Maraming paaralan at kolehiyo ng komunidad na lipas na sa panahon at nangangailangan ng mga pagkukumpuni upang matugunan ang mga basikong pamantayan sa kalusugan at kaligtasan—kabilang ang pagpapatibay para sa kaligtasan sa lindol, kaligtasan sa sunog, at pagtanggal ng asbestos at tinggang pintura at mga tubo. Ang Prop. 51 ay tutulong na tiyakin na ang ating mga lokal na paaralan ay isinasapanahon at ligtas para sa mga estudyante.

ANG PROP. 51 AY TUTULONG SA LAHAT NG ESTUDYANTE NG CALIFORNIA NA MAKAKUHA NG MAHUSAY NA EDUKASYON.

"Walang higit na nakalulungkot kaysa pagtuturo sa mga estudyante kapag ang ating mga silid-aralan ay gumuguho at hindi nagkakaloob ng pagtugon sa mga basikong pangangailangang pang-akademiko ng estudyante. Upang tulungan ang mga estudyante na magtagumpay, ang Prop. 51 ay magkukumpuni sa lipas na sa panahon at humihinang mga paaralan at itaas ang kalagayan ng teknolohiya ng silid-aralan, mga aklatan, at mga laboratoryo ng kompyuter at agham."—*Tim Smith, Guro ng Taon sa California ng 2014, Mataas na Paaralan ng Florin*

PAGPAPABUTI NG BOKASYONAL NA EDUKASYON AT PAGTULONG SA MGA BUMABALIK NA BETERANO.

"Ang Prop. 51 ay nagpapahintulot sa mga lokal na paaralan at kolehiyo ng komunidad upang itaas ang kalagayan ng mga silid-aralan ng bokasyonal na edukasyon upang mga estudyante ay makapagsanay para sa mahusay magpasuweldo na mga karera at makapag-ambag sa umuunlad na ekonomiya ng California. At, utang na loob natin sa ating mga beterano na magkaloob ng pagsasanay at tulungan sila na lumipat sa lugar ng trabaho."—*Tom Torlakson, Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado*

NAGTATAAS NG KAKAYAHANG MAKAKUHA NG ISANG ABOT-KAYANG EDUKASYON SA KOLEHIYO.

"Sa pamamagitan ng pagtataas g kalagayan at pagkukumpuni ng ating mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad, maitataas natin ang kakayahang makakuha ng mahusay, abot-kayang mas mataas na edukasyon para sa lahat ng Taga-California. Ang ating mga kolehiyo ng komunidad ay nag-aambag sa lakas na pangkabuhayan at panlipunan ng mga lokal na komunidad sa buong estado, at tumutulong sa mga estudyante ng kolehiyo na iwasan ang libu-libong dolyar na utang. Kailangan nating ipakita ang ating suporta sa mga estudyante ng California."—*Jonathan Lightman, Tagapagpaganap na Direktor, Kapisanan ng mga Tagapagturo sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California*

ANG CALIFORNIA AY HUMAHARAP SA MAHABANG LISTAHAN NG HINDI NAGAGAWANG MGA PROYEKTO SA KAPITBAHAYAN.

"Alam ng mga nars ng paaralan ang pangangailangan ng pinabuting mga pasilidad ng paaralan, ang pagsisikip, problema sa instalasyon ng tubo at ibang mga isyung pangkapaligiran na nangangailangan mga pagbabagong kailangan upang panatilihin ang pinakamataas na kalusugan at kaligtasan ng mga estudyante, tagapagturo, at tauhan ay tutugunan ng Prop. 51."—*Kathy Ryan, Presidente, Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan sa California*

NAGPOPROTEKTA SA LOKAL NA KONTROL SA BAWAT PROYEKTO.

"Ang Prop. 51 ay magpoprotekta sa lokal na kontrol sa pamamagitan ng pag-aatas na ang pagpopondo ay gamitin lamang para sa mga proyektong pagpapabuti ng paaralan na inaprobahan ng mga lokal na lupon ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. Lahat ng pera ay dapat na lokal na gastahin, kung saan ang mga nagbabayad ng buwis ay maaaring magkaroon ng tinig sa pagpapasiya kung paaano pinakamahusay na magagamit ang mga pondong ito upang pabutihin ang mga paaralan sa kanilang kapitbahayan."—*Chris Ungar, Presidente, Kapisanan ng mga Lupon ng Paaralan ng California*

ISANG RESPONSABLE SA PANANALAPI NA PARAAN UPANG ITAAS ANG KALAGAYAN AT KUMPUNIHIN ANG MGA PAARALAN NA MAY MAHIGPIT NA PANANAGUTAN SA NAGBABAYAD NG BUWIS.

"Ang isang pambuong-estadong bono ay ang pinakamahusay na mapipili para sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kontruksiyon ng paaralan ng California, dahil ang edukasyon ay isang pambuong-estadong isyu. Kung wala ang bonong ito, ang mga lokal na nagbabayad ng buwis ay haharap sa mas mataas na mga lokal na buwis sa ari-arian na lumilikha ng kawalan ng pagkakapantay-pantay, tinatrato ang mga nagbabayad ng buwis nang magkakaiba, at walang matatag na mga tadhana sa pananagutan."—*Teresa Casazza, Presidente, Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California*

HINDI NA TAYO MAKAPAGHIHINTAY.

Hindi tayo nakapagpasa ng isang pambuong-estadong bono sa paaralan sa loob ng sampung taon, at ngayon ay humaharap tayo sa isang napakalaking listahan ng hindi nagagawang mga proyekto sa lokal na paaralan. Ang ating mga paaralan ay lubhang nangangailangan ng mga pagtataas ng kalagayan at pagkukumpuni upang panatilihin ang ating mga estudyante na ligtas at tiyakin na sila ay may mga pasilidad kung saan maaari silang matuto.

Ang Prop. 51 ay tutulong sa ating mga estudyante at beterano na magtagumpay.

MANGYARING SUMAMA SA AMIN SA PAGBOTO NG OO SA PROP. 51.

JUSTINE FISCHER, Presidente
PTA ng Estado ng California

KEN HEWITT, Presidente
Kapisanan ng mga Retiradong Guro ng California

LARRY GALIZIO, Punong Tagapagpaganap na Opisyal
Liga ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 51 ★

Mula noong 2001, inaprobahan natin ang higit sa $146 na bilyon na pag-estado at lokal na mga bono upang ayusin ang mga paaralan ng California. Pero ang mga tagasuporta ng Prop. 51 ay nagsasabi pa rin na ang ating mga paaralan ay hindi "nakatutugon sa mga basikong pamantayan sa kalusugan at kaligtasan."

Saan napapunta ang pera?

NAG-IIMBITA NG PANDARAYA:

Ang huling pambuong-estadong pagsusuri ng bono sa paaralan ng Kagawaran ng Pananalapi ng California ay nakatuklas ng BILYUN-BILYON NA NANGANGANIB na *"magamit para sa hindi hinahangad na mga layunin. . . kung iiwang hindi nalulutas . . . ay patuloy na makakaapekto nang masama sa pananagutan sa bono."*

Dahil ang mga pananggalang sa paggasta ay hindi ipinatutupad o hindi gumagana ang mga pondo ng pondo ay maaaring magamit nang mali.

Sina Gobernador Jerry Brown at Pangkalahatang Abugada Kamala Harris ay nagpahayag ng ikinababahalang ito.

Ang Prop. 51 ay nagpapanatili nitong madepektong sistema.

HINAHARANGAN ANG MGA REPORMA:

Ang Prop. 51 ay nagtatali sa mga kamay ng mga mambabatas at pinatitibay ang mga kasalukuyang tuntunin. Ito ay humahadlang sa ating demokrasya sa pamamagitan ng *pagbabawal sa ating mga mambabatas na iwasto ang mga tuntunin* na nagkakait sa mahihirap na paaralan ng tulong na kailangan ng mga ito.

Ito ay gumagarantiya na ang mga tagapagpaunlad ay hindi nagbabayad ng kanilang makatarungang kabahagi.

NAGPAPAHINTULOT NG WALANG-INGAT NA PAGGASTA:

Ang mga bono ay magastos. Dalawang dolyar na buwis ang kinakailangan upang bayaran ang bawat dolyar na hiniram. Ang mga bono ay dapat gamitin para sa mga bagay na tumatagal nang mga dekada.. Hindi kapani-paniwala, ang mga pondo ng Prop. 51 ay maaaring gastahin sa kagamitan na may 10-taong "pangkaraniwang kapaki-pakinabang na buhay." *Ang mga pagbabayad sa bono ay maraming dekadang mas matagal.*

Ito ay tulad ng pagbabayad sa iyong tanghalian sa pamamagitan ng isang 30-taon na sangla at pagbabayad para rito nang maraming beses na mas malaki.

Ang Prop. 51 ay maaaring ang pinakamakasarili, mapanlinlang na panukala na iniharap sa mga botante ng California. *Ito ay nilikha ng industriya ng konstruksiyon upang pakinabangan ng industriya ng konstruksiyon.*

Bisitahin ang *StopProp51.org.* Tingnan ang nasa likod ng kampanyang Oo.

Bumoto ng HINDI sa 51!

G. RICK MARSHALL, Punong Opisyal ng Pananalapi
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

WENDY M. LACK, Direktor
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 51 ★

Ang mga bono ay mga utang na bapat bayaran nang may interes, sa paglipas ng panahon.

Mula noong 1998, ang mga botante ng California ay nag-aproba ng $35 bilyon sa mga bono ng estado para sa konstruksiyon ng paaralan. Ang lahat ay inilagay sa balota ng Lehislatura at sinuportahan ng Gobernador. Ang Proposisyon 51 ay naiiba. Hindi ang Lehislatura ang naglagay ng Proposisyon 51 sa balota. At sinasalungat ito ng Gobernador.

Sinasamahan namin ang Gobernador sa pagsalungat dahil ang Proposisyon 51 ay:

HINDI ABOT-KAYA:

Ang mga Taga-California ay nagbabayad na ng $2 bilyon bawat taon sa mga bono sa paaralan ng estado. Ang Proposisyon 51 ay gagastusan ng karagdagang $500 milyon bawat taon—perang hindi taglay ng estado.

Sa kabuuan, ang California ay may higit sa $400 bilyon na utang at mga pagtatalagang pinansiyal. Tinatawag ito ng Gobernador Brown na isang "pader ng utang." Ang paghiram ng mas maraming pera na hindi natin kaya ay walang-ingat.

HINDI NANANAGOT:

Sa mga lokal na bono sa paaralan, mga komunidad ang kumokontrol sa paggasta. Sa mga bono sa paaralan ng estado, ang mga burukrata at ang kanilang mga kaibigan ang gumagawa ng mga desisyon. *Lokal na kontrol ang pinakamahusay na paraan upang paliitin hangga't maaari ang pag-aaksaya ng pamahalan.*

HINDI KAILANGAN:

Para sa konstruksiyon ng paaralan, *ang mga lokal na panukalang bono ay gumagana nang mas mahusay kaysa mga pambuong-estadong bono.* Nitong nakarang hunyo inaprobahan ng mga botante ang higit sa 90% ng mga lokal na bono sa paaralan, nagkakaloob ng higit sa $5.5 bilyon para sa konstruksiyon ng paaralan.

Ang pagpapatala sa paaralan ay inaasahang bababa sa susunod na 10 taon. Ang Proposisyon 51 ay nag-aaksaya ng pera sa pagpanig sa konstruksiyon ng mga bagong paaralan sa halip ng pagremodelo ng mga kasalukuyang paaralan.

WALANG PAGKAKAPANTAY-PANTAY:

Ang pagpopondo ng Proposisyon 51 ay pupunta sa mga nasa unahan ng linya. Ang malalaking distritong mayayaman ay tatanggap ng "pinakamalaking kabahagi" dahil sila ay may mga nakalaang tauhan upang kumpletuhin ang mga papel. Ito ay hindi nagbibigay ng pagkakataon sa mas maliit, mas mahirap na mga distrito na unang-unang nangangailangan ng tulong. Ito ay *moral na mali*.

REPORMA MUNA:

Ang Proposisyon 51 ay walang ginagawa upang baguhin ang burukratiko, isang-sukat-walang-kasya na programang bono ng estado. Ang maliliit, nangangailangang distrito ng paaralan ay hindi makakabayad sa magagastos na kasangguni na ginagamit ng malalaki, mayayamang paaralan. Ang mga reporma sa programa ay kailangan upang ang mahihirap na distrito ay makakuha ng perang karapat-dapat ang mga ito.

Nitong nakaraang Pebrero sinabi ni Gobernador Brown sa *Los Angeles Times*, *"Ako ay laban sa $9-na-bilyong bono ng mga tagapagpaunlad. . . [ito] ay lumulustay sa perang mas mahusay na gastahin sa mga komunidad na maliit ang kita."*

Sinabi rin ni Brown na ang mga pangakong benepisyo sa mga empleyado ng estado ay *"mga pananagutan na napakalaki kaya nakakatuksong ipagwalang-bahala ang mga ito . . .. Hindi natin makakayang bayaran ang mga ito sa isa o dalawang taon o kahit 10. Pero, moral na obligasyon natin na gawin ito—partikular bago tayo gumawa ng mga bagong pangako."*

Sumasang-ayon kami.

Ang Proposisyon 51 ay sinusuportahan ng mga negosyo at pulitiko na nakikinabang sa mas maraming paggasta ng estado. Ang Oo sa 51 ay nakalikom na ng higit sa $6 na milyon mula sa mga unang-unang makikinabang kabilang ang *Koalisyon para sa Sapat na Pabahay (CASH)* at *Kapisanan sa Industriya ng Pagtatayo sa California*.

Ang *Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California* ay isang boluntaryo-lahat, di-partidista, di-nagtutubo na nagtataguyod ng responsibilidad sa pananalapi at kalinawan sa lokal na pamahalaan. Nilalabanan namin ang paglilihim, pag-aaksaya at katiwalian sa pamahalaan at naghahangad na tiyakin na ang lahat ay tumatanggap ng magandang halaga para sa kanilang mga dolyar na buwis.

Kami ay mga taong tulad ninyo na sumusuporta sa mahuhusay na paaralan at gusto ng responsibilidad sa pananalapi sa pamahalaan na walang pag-aaksaya.

Mangyaring sumama sa amin sa pagboto ng HINDI sa Proposisyon 51.

www.caltan.org

G. RICK MARSHALL, Punong Opisyal ng Pananalapi
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

WENDY M. LACK, Direktor
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 51 ★

Ang Prop. 51 ay tumitiyak na ang bawat estudyante sa California ay may pagkakataon na matuto sa isang ligtas, napapanahong mga paaralan habang nagpoprotekta rin sa mga nagbabayad ng buwis.

ANG PROP. 51 AY HINDI ISANG PAGTAAS NG BUWIS.

Ang Prop. 51 ay isang bono na babayaran mula sa isang napakaliit na halaga ng KASALUKUYANG taunang kita ng estado upang kumpunihin at itaas ang kalagayan ng mga lokal na paaralan. Ito ay HINDI nagtataas ng mga buwis.

NAGPOPROTEKTA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS LABAN SA MAS MATAAS NA MGA LOKAL NA BUWIS.

Kung walang mga panumbas na dolyar mula sa isang pambuong-estadong bono sa paaralan, ang mga nagbabayad ng buwis ay haharap sa mas mataas na mga lokal na buwis sa ari-arian upang magbayad para sa mga pagkukumpuni at pagtataas ng kalagayan ng paaralan, at ang ilang distrito ng paaralan ay maaaring hindi magkaroon ng sariling kakayahang ayusin ang mga paaralan. Ang pagbabakasang ito sa pagitan ng estado at mga lokal na distrito ng paaralan ay makatarungang nagpondo sa mga pagkukumpuni ng paaralan para sa lahat ng mga estudyante.

NAG-AATAS NG MAHIGPIT NA PANANAGUTAN.

Ang Prop. 51 ay naglalagay sa mga lokal na botante ng kontrol sa kung paano ginagasta ang mga pera ng bono. Ito ay nag-aatas ng mga taunang pagsusuri at mahihigpit na pamantayan sa pagtutuos.

GINAGAWA NG PROP. 51 NA PRIYORIDAD ANG PAGPROTEKTA SA MGA ESTUDYANTE.

Maraming paaralan at kolehiyo ng komunidad na lipas na sa panahon at nangangailangan ng mga pagkukumpuni upang matugunan ang mga basikong pamantayan sa kalusugan at kaligtasan—kabilang ang pagpapatibay para sa kaligtasan sa lindol, kaligtasan sa sunog, at pagtanggal ng asbestos at tinggang pintura at mga tubo. Ang mga pagkukumpuning ito ay napakahalaga sa pagpapanatiling ligtas ang bawat estudyante.

OO SA PROP. 51.

Ang Prop. 51 ay tutulong sa bawat estudyante ng California na makakuha ng isang mahusay na edukasyon, magtataas ng pagkakataon para sa abot-kayang edukasyon sa kolehiyo, at magpapabuti sa bokasyonal na pagsasanay para sa mga beterano at estudyante na naghahanda para sa lugar ng trabaho.

Ang Prop. 51 ay sinusuportahan ng mga grupo ng nagbabayad ng buwis, guro, negosyo, Republikano, at Demokratiko. Kayo mismo ang tumingin sa *www.californiansforqualityschools.com*

Mangyaring samahan kami sa pagsuporta sa Prop. 51.

CHRIS UNGAR, Presidente
Kapisanan ng mga Lupon ng Paaralan ng California

TERESA CASAZZA, Presidente
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

LARRY GALIZIO, Punong Tagapagpaganap na Opisyal
Liga ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.